



Bilingual assistance is available in English, Mandarin (普通话/普通話), Cantonese (广东话/廣東話), Korean (한국어), Vietnamese (Tiếng Việt), Tagalog, Urdu (اردو), Hindi (हिन्दी), and Bengali/Bangla (বাংলা).



Nabilang Ba Ang Aking Boto? Ano Dapat Gawin Pagkatapos Mong Bumoto!

Maaaring minsan ay hindi mabilang ang iyong balota. Ang pagbibilang ng balota ay nangyayari ng ilang araw pagkatapos ang Araw ng Halalan, kaya mayroon kang sapat ng oras upang maayos ang ibang mga problema kung bakit hindi nabilang ang iyong balota. Naririto ang maaari mong gawin upang masiguro na ang iyong iboto ay mabilang!

Araw ng Halalan: Martes, Nobyembre 8, 2022

Mga Balotang Ipinadala sa Koreo/Hindi Nakarating na Botante

- ◆ Subaybayan ang galaw ng balotang ipinadala sa koreo/hindi nakarating sa botante upang masiguro na ito ay mabilang. Maaari mong mahanap ang impormasyon sa pagsubaybay ng bawat estado sa www.ballotready.org.
 - **Maagang magsimula sa pagsubaybay** – Karaniwan ay mayroon lamang limitadong oras upang maayos ang anumang problema!
- ◆ Kung ang iyong balotang ipinadala sa koreo/hindi nakarating sa botante ay hindi nabilang – Mga karaniwang dahilan kung bakit ang balotang ipinadala sa koreo/hindi nakarating sa botante ay hindi nabibilang:
 - **Pagtutugma ng Lagda** – Ang lagda sa inyong balotang ipinadala sa koreo/hindi nakarating sa botante ay hindi nagtutugma sa lagda na nakatala na mayroon ang gobyerno sa iyo.
 - **Hindi pagsunod ng kumpleto at tama sa mga instruksiyon.**
 - **Hindi pagsama ng kopya ng iyong pagkakakilanlan.**
- ◆ Tawagan ang **1-888-API-VOTE (1-888-274-8683)** hotline kung kinakailangan mo ng tulong sa pagsubaybay ng galaw ng iyong balotang ipinadala sa koreo/hindi nakarating sa botante o upang makita kung maaari mo pang maayos ang problema sa iyong balotang ipinadala sa koreo/hindi nakarating sa botante.

Mga Pansamantalang mga Balota

- ◆ Kung ikaw ay bumoto gamit ang pansamantalang balota, ang iyong gobyernong lokal o estado ay dapat magbigay ng impormasyon upang iyong malaman kung ang iyong pansamantalang balota ay nabilang noong ikaw ay bumoto.
- ◆ Kung ikaw ay bumoto gamit ang pansamantalang balota at hindi ito nabilang, maaari mong gawin ang mga hakbang sa iilang kaso – Mga karaniwang dahilan kung bakit hindi nabibilang ang pansamantalang balota:
 - **Rehistrasyon ng Botante** – Kung naniniwalang kang nakapagparehistro ka upang makaboto ngunit hindi lumabas ang iyong pangalan sa listahan ng mga botante sa tamang lokasyon kung saan ka dapat bumoto, maaaring mayroong isyu sa iyong rehistrasyon sa pagiging botante na maaaring maayos sa inyong lokal na opisyal ng halalan.
 - **Pagkakakilanlan** – Kung nakalimutan mong magdala ng anu mang nararapat na porma ng pagkakakilanlan sa botohan, maaari mong puntahan ang inyong mga lokal na opisyal ng halalan.
 - **Pagtutugma ng Lagda** – Kung hindi tumutugma ang iyong lagda sa file ng iyong tala ng halalan, maaaring gawin mo ang mga hakbang upang matugunan ang isyung ito sa inyong mga lokal na opisyal ng halalan.
- ◆ Tawagan ang **1-888-API-VOTE (1-888-274-8683)** hotline kung kinakailangan mo ng tulong upang malaman kung ang iyong pansamantalang balota ay nabilang o kung paano maaayos ang anumang problema dahil maaaring limitasdo lamang ang oras upang gawin ito.

Bisitahin ang <https://www.advancingjustice-aaajc.org/election2022> para sa impormasyon kung paano matatagpuan ang mga kasagutan sa mga katanungang ito! Maaari ka ring tumawag sa **1-888-API-VOTE (1-888-274-863)** sa anumang katanungan patungkol sa pagboto gaano man ito kalaki o kaliit. Naririto kami upang magbigay ng tulong patungo sa Araw ng Halalan, sa mismong araw nito at pagkatapos.